

INTERNATIONAL NAPASA (October 29th, 2024)

1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa November 9 (Saturday) ay may schedule ng laro ang **SHONAN BELLMARE** laban sa **HOKKAIDO CONSADOLE SAPPORO**. Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 2:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500**.

2) UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa October 31 (Thursday) ang ikatlong bahagi ng bayarin ng **MUNICIPAL AND PREFECTURAL TAX**. Ipinapaalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

3) PAGHAHANAP NG MGA BATANG PAPASOK SA NURSERY SCHOOL

保育園の入園児の募集のお知らせ

Mula October 3 hanggang sa isang taon ng April, ang Hiratsuka City ay naghahanap ng mga batang papasok sa **NURSERY SCHOOL** sa isang taon ng April. Mag-apply hangga't maaga sa **Home Page** ng siyudad o kumuha ng aplikasyon sa **CHILD CARE DIVISION** sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office at isumite sa nasabing tanggapan. Ang panahon ng pag-aapply ay mula October 10 hanggang November 8. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa **CHILD CARE DIVISION**. Telephone Number **0463-21-9612 (0463-21-9612)**.

4) IMPORMASYON SA PAGSISIMULA NG CASHLESS NA EKONOMIYA SA PASILIDAD

平塚市の施設でのキャッシュレス決済開始のお知らせ

Mula sa September 3 (Tuesday) ay maaari nang gamitin ang pagbabayad ng Electronic money sa Heated Swimming Pool at Training Room sa General Gymnasium ng Hiratsuka City. Para sa mga detalye ay makikita sa **HOME PAGE** ng Hiratsuka City. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa **SOGO KOEN MANAGEMENT OFFICE**

(SOGO KOUEN KANRI JIMUSHO) ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-35-2233 (0463-35-2233)**.

5)EVENT PARA SA PAG-AAMPON NG MGA NAILIGTAS NA PUSA

ほごねこ じょうとかい し
保護猫の譲渡会のお知らせ

Twing ika-4 na linggo ng buwan, ang “**SAMAHAN PARA MABAWASAN ANG MGA LIGAW NA PUSA**” sa Hiratsuka City ay magpupulong-pulong para sa “Pag-aampon sa mga nailigtas na pusa”, ang oras ay mula 11:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon sa **OSC SHONAN** sa 2ND floor ng “Your Betia” Hiratsuka Shop. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **080-5901-7746 (080-5901-7746)**.

6)UKOL SA MGA NAGPAPADALA SA POST OFFICE PAPUNTA SA IBANG BANSA

がいこく ゆうびんぶつ おく かた し
外国へ郵便物を送る方へのお知らせ

Mula March 1, 2024 ang mga ipinapadala sa Post Office papuntang ibang bansa ay hindi na gagamitin ang label na sulat kamay kung hindi ay idadaan na sa “**MY PAGE INTERNATIONAL POSTAL SERVICES**” at gagamitin ang ipinatutupad na label at ididikit sa inyong ipadadala.